



ABSOLUTE  
SURRENDER

SERIES

# Hall of Faith

SIX BIBLE STUDY LESSONS

FOR GROUP DISCIPLESHIP

TAGALOG VERSION

# Hall of Faith

SIX BIBLE STUDY LESSONS  
FOR GROUP DISCIPLESHIP



**EVERY NATION**  
P R O D U C T I O N S

## **HALL OF FAITH**

Copyright © 2013 by Every Nation Productions

Published by EVERY NATION PRODUCTIONS

P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City,

Philippines email: [productions@everynation.org.ph](mailto:productions@everynation.org.ph)

All rights reserved. No part of this publication may be reproduced or transmitted in any form or by any means, electronic or mechanical, including photocopy, recording, or any information storage and retrieval system, without permission in writing from EVERY NATION PRODUCTIONS.

All Scripture quotations, unless otherwise indicated, are taken from the Holy Bible, New International Version®

Copyright © 1973, 1978, 1984 International Bible Society. Used by permission of Zondervan. All rights reserved.

Printed in the Republic of the Philippines

# Paano Gamitin ang Materyal na ito

Sa Victory, ang pangunahing lugar para sa pagiging disipulo ay nangyayari sa isang maliit na grupo. Ito ay tinatawag na Victory group. Mariin naming hinihikayat ang lahat na makibahagi dahil ang mga grupong ito ay partikular na idinisenyo upang tulungan ang mga disipulo na umunlad sa espirituwal.

Ang Victory group meeting ay may tatlong bahagi: Connect, Word, and Prayer, at tumatagal ng apatnapu hanggang animnapung minuto.

## **CONNECT** (5-10 minutes)

Ang mga pulong ng grupo ng tagumpay ay nagsisimula sa isang oras upang makipag ugnayan sa isa't isa. Depende sa mga taong bumubuo sa grupo, ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng iba't ibang paraan:

- Kasiyahan—tulad ng aktibidad ng icebreaker
- Nasagot na mga panalangin—pagbabahagi ng patotoo at mga update
- Mga tanong—tulad ng mga ibinigay sa materyal, pagkatuto sa mga personal na kuwento ng isa't isa, at pagbabahagi ng feedback mula sa lingguhang mensahe

## *Epektibong mga tanong sa panahon ng connect portion:*

- Sadyang friendly sa mga first timers
- Humingi ng opinyon o mga karanasan
- Hindi nangangailangan ng kaalaman sa Bibliya
- Walang tama o mali na sagot
- Hindi kontrobersyal
- Ay mas mabuting konektado sa paksa ng pulong

## **WORD** (20-30 minutes)

Ituro ang katotohanan at kaugnayan ng Salita ng Diyos para maisabuhay. Ang pulong ng grupo ng Victory ay hindi pangunahing isang pag aaral ng Bibliya. Bagaman ang pagtuturo at pagpapaliwanag ng Kasulatan ay kasangkot, ang layunin ay maglingkod, hindi tapusin ang isang materyal.

Hindi na kailangang ituro ang lahat ng punto sa isang materyal.

Sa loob ng bahaging ito, tingnan natin kung ano ang sinasabi ng Bibliya, ang kaugnayan nito sa atin ngayon, at ang pagsasabuhay nito.

### **What:** *What does the Bible say?*

Ipahayag at ibahagi nang malinaw at maikli ang katotohanan sa Bibliya

*16Ang lahat ng Kasulatan ay may hininga ng Diyos at kapaki pakinabang sa pagtuturo, pagsaway, pagwawasto at pagsasanay sa kabutihan, 17Upang ang tao ng Diyos ay lubos na masangkapan para sa bawat mabuting gawa.*

2 TImoteo 3:16,17

### *Tips for Sharing the Word Effectively*

- Hayaan ang Bibliya na magsalita para sa sarili nito.
- Gumamit ng mga paglalarawan at magkuwento upang ipaliwanag ang mga talata sa Bibliya.
- Kapag pinakikinggan ang mga paglilinaw, maging mapagbantay na huwag hayaang mawala ang punto ng talakayan.
- Ang pangunahing layunin ay maglingkod sa mga pangangailangan ng mga tao, hindi upang tapusin ang isang aralin sa Bibliya.
- Magpagabay sa Espiritu kapag ginagamit ang materyal.

### **So What:** *What is the relevance of the Word to my life?*

Bigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na talakayin kung paano nakakaapekto ang Salita sa paraan ng kanilang pamumuhay.

*Huwag nang umayon pa sa huwaran ng mundong ito, kundi magbago sa pamamagitan ng pagpapanibago ng iyong isipan. Sa gayon ay masusubok at maaaprubahan ninyo kung ano ang kalooban ng Diyos—ang kanyang mabuti, kasiya-siya at perpektong kalooban.*

ROMA 12:2

**Now What: *How do I apply the Word to my life?***

Ang pangunahing dahilan natin sa pagbabahagi ng Bibliya ay upang malaman ng mga tao kung sino ang Diyos at kung ano ang Kanyang ginawa. Sa paggawa nito, ang mga kalahok ay magsisimulang tuklasin kung sino sila at kung ano ang dapat nilang gawin.

Kung ito ay isang pangako, turuan silang angkinin ito. Kung ito ay utos o alituntunin, hikayatin silang gawin ito sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Kung ito ay isang katotohanan, hayaan silang yakapin ito nang kusang loob at hindi napipilitan. Hayaan ang biyaya at pagmamahal ng Diyos ang kumilos sa kanila sa pamamagitan ng paraan ng iyong pagtuturo ng Salita ng Diyos.

Maghikayat ng mga tiyak at masusukat na hakbang na naaayon sa pagbabago ng buhay na isinasagawa ng Kasulatan. Hindi tayo Nag-uutos sa mga tao, ngunit hinihimok natin sila tungo sa pagmamahal at mga mabubuting gawa.

***Huwag lamang makinig sa salita, at kaya linlangin ang inyong sarili. Gawin mo ang sinasabi nito.*** Santiago 1:22

*Tips for Life-Changing Application*

- Maaari kang pumili ng isa sa mga tanong na "Kaya Ano" at "Ngayon Ano" o maaari kang magdagdag ng iyong sariling tanong.
- Ang isang epektibong tanong sa standby application ay: "Ano ang gagawin mong hakbang bilang resulta ng narinig mo ngayon?"
- Tukuyin kung sino ang unang sasagot sa tanong na itinatanong.
- Huwag hayaang makipagtalo o maging mapanuri sa iba ang isang tao.
- Paalalahanan ang lahat na ipamuhay ang aral sa kanilang sariling buhay, hindi sa buhay ng iba.
- Humingi ng karunungan sa Diyos upang malaman kung kailan dapat balansehin o itama ang mga kakaiba o hindi biblikal na aplikasyon. Ang hindi sensitibong pagwawasto o pagpuna ay maaaring pumatay sa grupo, tulad ng hindi naka check na erehiya.
- Ipaalala sa lahat na ang pagbabago ay gawain ng Diyos, hindi natin, at ang ating pagsunod ay tugon sa kung sino Siya at sa Kanyang pagmamahal sa atin. Ang biyaya ng Diyos ang nagbibigay daan sa atin upang maipamuhay at sundin ang Kanyang Salita.

## **PRAY (15-20 minutes)**

Ang panalangin ang pinakamahalagang bahagi ng pagpupulong ng grupo ng Tagumpay. Siguraduhing marami ka pang oras na natitira para hindi magmadali sa oras ng iyong panalangin. Hindi ito isang "pangwakas na panalangin," kundi isang panahon para sa bawat isa sa grupo na dalhin ang mga tiyak na kahilingan sa Diyos. Dito na ang aksyon. Ang layunin ay lumikha ng isang lugar kung saan makikita ng mga tao ang pagkilos ng Diyos para sa kanila.

***"Muli, sinasabi ko sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo sa lupa tungkol sa anumang hinihiling ninyo, gagawin ito para sa inyo ng aking Ama sa langit."*** MATEO 18:19

### *Tips for Powerful Prayer*

- Makinig nang mabuti sa Banal na Espiritu sa panahon ng mga bahagi ng Pagkonekta at Salita para sa mga bagay na maaaring mangailangan ng panalangin.
- Gumugol ng iyong oras sa pagdarasal para sa isa't isa, hindi pagbabahagi at pagtalakay sa mga kahilingan sa panalangin.
- Panatilihin simple, tapat, at maikli ang inyong mga panalangin. Karamihan sa mga di mananampalataya ay hindi kailanman nakarinig ng isang ordinaryong Kristiyano na nakikipag usap lamang sa Diyos at maaantig sa katapatan at pagiging simple ng panalangin.
- Manalangin, huwag mangaral. Manalangin ng simple at maikling pangungusap, hindi mahaba ng "sermon panalangin."
- Gumamit ng panalanging pang-usapan, hindi kumplikado o malalim, panalangin ng pamamagitan.
- Asahan mong sasagutin ng Diyos ang iyong mga panalangin.

## CONTENTS

- 1 Sigurado at  
Tiyak..... 1
- 2 Ang Pananampalataya ni Abel..... 5
- 3 Paglakad na kasama ang Diyos.....
- 4 Ang Pananampalataya ni Noe.....13
- 5 Ang Pananampalataya ni Isaac.....17
- 6 Pagpasa sa Pagsusulit.....21

1

# Sigurado at Tiyak

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

- Ano ang isa sa mga pinakamagandang regalo na natanggap mo? Bakit ito napakaespesyal sa iyo?
  - Paano mo gustong ipakita ng mga tao na o pinapahalagahan ka nila? Alalahanin ang isang pagkakataon nang may taong kinilala ang ginawa mo at kung paano ito ipinahayag.
- Kung maaari kang mapabilang sa anumang Hall of
- Fame, alin ang gusto mong mapasukan? Ano ang gusto mong maalala ng mga tao tungkol sa iyo?

*Ang pananampalataya ay katiyakan na mangyayari ang ating mga inaasahan, at paninindigan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita. <sup>2</sup> Kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong unang panahon dahil sa kanilang pananampalataya. <sup>3</sup> Dahil sa pananampalataya, nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilalang sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at ang mga bagay na nakikita ay ginawa mula sa mga hindi nakikita.*

HEBREO 11:1-3

## WHAT

Ang Hebreo 11 ay ang Hall of Faith ng Bibliya, na nagpupuri sa mga lalaki at babae na may malaking pananampalataya. Binibigyan tayo nito ng mga halimbawa kung paano ang mga ordinaryong tao ay gumawa ng mga pambihirang bagay sa pamamagitan ng pananampalataya, at kung paano rin tayo ay maaaring mamuhay sa pananampalataya. Sa araling ito, titingnan natin ang tatlong bagay na dinadala ng pananampalataya sa ating buhay habang nagsisikap tayong lumago sa ating relasyon sa Diyos.

1

**Ang pananampalataya ay nagdadala ng katiyakan.**

*Ang pananampalataya ay katiyakan na mangyayari ang ating mga inaasahan, at paninindigan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita.* HEBREO 11:1

Kahit na hindi natin nakikita ang mga bagay, hindi ibig sabihin ay wala ang mga ito. Ang Bibliya ay naglalarawan ng pananampalataya bilang katiyakan at katiyakan ng mga bagay na hindi natin nakikita, dahil ang pananampalataya ay hindi nakabatay sa kung ano ang nararamdaman natin o kung ano ang ating nararanasan.....

*Ano ang ilang halimbawa ng mga bagay na hindi natin nakikita pero naniniwala pa rin tayo?*

2

**Ang pananampalataya ay nagdadala ng papuri.**

*Kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong unang panahon <sup>6</sup> Hindi maaaring kalugdan ng Diyos ang walang pananampalataya sa kanya, sapagkat ang sinumang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang may Diyos*

**at siya ang nagbibigay ng gantimpala sa mga humahanap sa kanya.** HEBREO 11:2,6

**2**

Sa buong Ebanghelyo, makikita natin na pinuri ni Jesus ang mga taong may malaking pananampalataya at pinagsabihan ang mga may maliit na pananampalataya. (Mateo 8:10; 15:28). Ang ating Diyos ay nalulugod kapag tayo ay kumikilos sa pananampalataya.

*Bakit imposibleng malugod ang Diyos ng walang pananampalataya?*

.....

.....

.....

.....

**3**

**Ang pananampalataya ay nagdadala ng kaunawaan.**

***Dahil sa pananampalataya, nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilalang sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at ang mga bagay na nakikita ay ginawa mula sa mga hindi nakikita.*** HEBREO 11:3

***16 kaya't sinikap kong ito'y saliksikin, mahirap-hirap mang ito'y unawain. 17 Gayunman, sa templo'y doon ko natuklas, na ang masasama ay mapapahamak;*** AWIT 73:16,17

May mga bagay sa buhay na hindi natin maiintindihan hanggang hindi tayo humahakbang sa ating pananampalataya. Hindi natin binabatay ang ating pananampalataya kung lahat ng ating tanong ay masasagot. Ang Salmista ay hindi rin nauunawaan ang maraming bagay sa kanyang buhay, ngunit nagkaroon ng katuturan ang lahat ng Siya ay lumapit sa presenya ng Diyos.

*Ano ang ilan sa mga tanong na hindi mo pa lubos na nasasagot?*

.....

.....

.....



Ano sa palagay mo ang pagkakaiba ng pananampalataya sa wishful thinking Paano inilalarawan ng Biblia ang pananampalataya?



Sa palagay mo bakit mahirap mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya? Paano hinahamon ng ating kalagayan at ideya ang ating pananampalataya? Ano ang batayan ng ating pananampalataya?



Kapag nasa sitwasyon tayo na hindi natin lubos na nauunawaan, paano tayo mas lalapit sa presenya ng Diyos.

## NOW WHAT



Tanging kay Kristo lang ang iyong pananampataya sa kaligtasan ? Naniniwala ka ba sa kung sino Siya at sa ginawa Niya para sa iyo? Kung hindi, gusto mo bang gawin ito ngayon?



Sa paglakad mong kasama ang Diyos araw-araw, lumalago ka ba sa inyong pananampalataya? Naniniwala ba kayo na tutuparin Niya ang Kanyang mga pangako para sa iyo? Paano ka mabubuhay sa pananampalataya sa darating na linggong ito?



May mga tanong ka ba na hindi mo pa alam ang sagot? Pinili mo na bang maniwala sa Diyos kahit hindi mo naiintindihan ang mga ito Ano ang magagawa mo para mas makilala ang Diyos at mas magtiwala sa Kanya araw-araw?



Ipanalangin na ang iyong pananampalataya ay palaging nakatayo sa kung sino ang Diyos at kung ano ang ginawa Niya para sa iyo sa krus. Ipahayag na magtiwala ka at mananatili sa Kanya kahit hindi mo maunawaan ang iyong kalagayan o hindi pa nasasagot ang iyong mga tanong.



Patuloy na maniwala para sa mga pangako ng Diyos na mangyayari sa iyong sarili, sa iyong pamilya, sa iyong karera o pag aaral, at para sa kaligtasan ng iyong pamilya at mga kaibigan.



Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng mas malaking pananampalataya na magtatagal at maging halimbawa pa sa marami. Ipanalangin na habang mas nakikilala mo ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita araw araw, patuloy na lumago ang iyong pananampalataya.

# Ang Pananampalataya ni Abel

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

- Mas gusto mo bang magbigay o tumanggap ng mga regalo? Bakit?
- Paano ka nagdedesisyon kung ano ang ibibigay sa isang kaibigan o mahal sa buhay? (hal., nagpaplano o kahit ano ang ibigay mong regalo ?
- Alalahanin ang isang pagkakataon na binigyan ka ng first-class treatment. Ano ang pakiramdam mo?

***Dahil sa pananampalataya sa Diyos, si Abel ay nag-alay ng mas mabuting handog kaysa sa inihandog ni Cain. Kaya naman, si Abel ay kinilalang matuwid nang tanggapin ng Diyos ang kanyang handog. Kahit patay na, HEBREO 11:4***

## WHAT

Hebreo 11, ang Hall of Faith ng Bibliya, ay pinuri si Abel para sa kanyang pananampalataya nang ibigay niya sa Diyos ang mas mabuting handog kaysa kay Cain. Sa araling ito, titingnan natin ang pananampalataya sa likod ng sakripisyo ni Abel upang maunawaan kung bakit ito ay mas mabuti at matutunan kung paano, tulad ni Abel, tayo ay maaaring mamuhay upang kalugdan ng Diyos.

1

**Sa pamamagitan ng pananampalataya, inialay ni Abel sa Diyos ang kanyang una.**

<sup>3</sup> *Dumating ang panahon na si Cain ay naghandog kay Yahweh ng ani niya sa bukid. <sup>4</sup> Kinuha naman ni Abel ang isa sa mga panganay ng kanyang kawan. Pinatay niya ito at inihandog ang pinakamainam na bahagi. Si Yahweh ay nasiyahan kay Abel at sa kanyang handog, GENESIS 4:3,4*

<sup>33</sup> *Ngunit higit sa lahat ay bigyang-halaga ninyo ang kaharian [ng Diyos]<sup>[a]</sup> at ang pamumuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng mga bagay na ito. MATEO 6:33*

Dinala ni Abel ang pinakamainam sa kanyang pag-aari, hindi ang pangalawa o ang natira. Sa kabila ng abala at gulo ng mga gawain sa paligid natin, maaari tayong pumili na unahin ang Diyos sa lahat ng ating ginagawa.

*Paano mo inuuna ang iyong relasyon sa Diyos?*

2

**Sa pananampalataya, inialay ni Abel kay Diyos ang kanyang pinakamainam.**

*Kinuha naman ni Abel ang isa sa mga panganay ng kanyang kawan.*

*Pinatay niya ito at inihandog ang pinakamainam na bahagi*

GENESIS 4:4

## Sa pananampalataya, inialay ni Abel sa Diyos ang isang mas mabuting handog kaysa kay Cain.

HEBREO 11:4 (KJV)

Dinala ni Abel ang mga matabang bahagi o ang pinakamainam sa kanyang mga pag-aari para kay Diyos. Hindi niya itinago ang pinakamainam para sa kanyang sarili, umaasa na habang ibinibigay niya ang kanyang pinakamainam sa Diyos, aalagaan siya ng Diyos at sa lahat ng kanyang pangangailangan.

Paano  
ibinigay sa atin  
ng Diyos ang  
Kanyang  
pinakamainam?

### 3 Sa pananampalataya, inialay ni Abel kay Diyos ang tama.

***Kung mabuti ang ginawa mo, dapat kang magsaya. Kung masama naman, ang kasalana'y tulad ng mabangis na hayop na laging nag-aabang upang lapain ka. Nais nitong pagharian ka. Kaya't kailangang mapaglabanan mo ito."*** GENESIS 4:7

***Higit na kalugud-lugod kay Yahweh kaysa mga handogang mga gawang makatuwiran at makatarungan.*** KAWIKAAN 21:3

Ibinigay ni Abel sa Diyos ang tama hindi dahil ito ay isang ritwal, isang kinakailangan, o dahil sa gantimpala na makukuha niya mula rito. Pinili niyangmalugod ang Diyos. Nais ng Diyos na makita ang motibo ng ating mga puso higit pa sa kung ano ang maaari nating ibigay nang may sakripisyo. Nagbibigay tayo sa Diyos dahil nais nating malugod Siya sa lahat ng ating ginagawa.

Alalahanin ang isang pagkakataon na pinili mong malugod ang Diyos na kahit na mahirap ito. Ano ang nangyari?

## SO WHAT

- Sa palagay mo bakit sinasabi sa atin ng Biblia na ibigay sa Diyos ang una at pinakamagandang bahagi ng ating mga kayamanan ? Bakit hindi natin dapat ibigay sa Diyos ang ilan sa kung ano ang mayroon tayo o kung ano ang natitira
- Sa palagay mo bakit may mga taong tulad ni Cain na hindi ibinigay sa Diyos ang una at pinakamagandang bahagi ng mayroon sila? Paano natin madaraig ang mga tanong o dahilan na madalas nating gawin?
- Paano natin maibibigay sa Diyos ang lahat ng makakaya natin araw-araw (hal., sa trabaho, sa bahay, sa paaralan)?

## NOW WHAT

- Nabubuhay ka ba para mapasaya ang Diyos anuman ang mangyari? Paano ka uunlad sa iyong relasyon sa Kanya araw-araw?
- Sa anong aspeto ng buhay mo kailangan mong unahin ang Diyos? Paano mo ito sisimulan ngayong linggo?
- Ano ang ibig sabihin ng ibigay sa Diyos ang pinaka-mainam ? Paano mo maibibigay sa Kanya ang pinaka-mainam (sa trabaho, sa bahay, sa paaralan) ngayong linggo?

- 
- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang mga biyaya at probisyon para sa iyo at sa iyong pamilya. Kilalanin na ang bawat pagpapala na mayroon ka ay nagmumula sa Kanya.
  - Ipanalangin na lagi mong ibigay sa Diyos ang una at pinaka-mainam na bahagi ng kung ano ang mayroon ka. Maaaring kailanganin mong magsisi sa mga pagkakataong hindi mo Siya inuuna.
  - Ipanalangin mo na hanapin mo ng ang Diyos at mamuhay upang mapasaya Siya araw araw.

# Paglakad na kasama ang Diyos

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

- Mahilig ka bang maglakad-lakad? Bakit o bakit hindi? Kailan ang huli mong lakad na walang pagmamadali?
- Isipin mo ang isang kaibigan na talagang nakakakilala sa iyo. Gaano na kayo katagal magkakilala?  
Ikwento ang isang karanasan na nagpalapit sa inyo.
- Paano mo makikilala ang isang tao? Kaya mo bang bumuo ng pagkakaibigan nang mabilis o matagal ? Bakit?

***Dahil sa pananampalataya, si Enoc ay hindi nakaranas ng kamatayan. Hindi na siya nakita sapagkat kinuha siya ng Diyos. Sinasabi sa kasulatan na si Enoc ay naging kalugud-lugod bago siya kinuha ng Diyos. HEBREO 11:5***

***<sup>21</sup> Animnapu't limang taon naman si Enoc nang maging anak niya si Matusalem. <sup>22</sup> Tatlong daang taon pang nabuhay si Enoc na kasama ang Diyos, at nagkaroon ng iba pang mga anak. <sup>23</sup> Umabot siya nang 365 taon, <sup>24</sup> at sa buong panahong iyon ay namuhay siyang kasama ng Diyos. Pagkatapos, nawala siya sapagkat kinuha siya ng Diyos. GENESIS 5:21-24***

## WHAT

Hindi gaanong marami ang naisulat tungkol kay Enoch sa Bibliya, maliban na naglakad siya kasama ng Diyos, at pinuri siya ng Diyos bilang isang taong Kanyang kinalugdan. Matapos lumakad kasama ng Diyos sa loob ng 300 taon, wala na si Enoch. Pinili lang niyang makasama ang Diyos at magbigay ng kasiyahan sa Kanya. Sa araling ito, titingnan natin kung ano ang ibig sabihin ng makasama Siya sa bawat araw ng ating buhay.

## 1 Pagsunod

***Mamuhay kayo ayon sa kanyang mga utos. Sa ganoon, sasagana kayo at hahaba ang buhay ninyo sa lupaing sasakupin ninyo. DEUTERONOMIO 5:33***

Ang paglalakad kasama ang Diyos ay nangangahulugang pagsunod sa Kanya at pagsuko ng ating mga buhay sa Kanya, kahit ano pa ang nangyayari sa paligid natin. Si Enoch ay namuhay sa isang salinlahi na puno ng katiwalian ngunit pinili niyang lumakad sa pagsunod sa Diyos.

*Ano ang ibig sabihin ng sumunod sa Diyos?*

## 2 Kasunduan

***Maaari bang magsama sa paglalakbay ang dalawang taong hindi nagkakasundo? AMOS 3:3***

Ang paglakad kasama ang Diyos ay nangangahulugang pagsang-ayon sa Kanya at pagtitiwala sa Kanya. (Hebreo 11:6). Si Enoch ay lumakad kasama ang Diyos, sumusunod sa Kanyang hakbang, papunta sa direksyong nais Niyang tahakin, at patungo sa destinasyong nasa isip Niya.

Bakit kailangang magkasabay at magkapareho ng direksyon ang mga taong naglalakad nang magkasama?

.....

.....

.....

## 3 Papapalagayang-loob

***<sup>19</sup> Bibigyan ko sila ng bagong puso at bagong espiritu. Ang masuwayin nilang puso ay papalitan ko ng pusong masunurin <sup>20</sup> upang lumakad sila ayon sa aking mga tuntunin at sumunod sa aking mga utos. Sa gayon, magiging bayan ko sila at ako ang kanilang magiging Diyos. EZEKIEL 11:19,20 (NKJV)***

Ang paglakad na kasama ang Diyos ay nangangahulugang makilala Siya, makasama Siya, at magbigay ng kasiyahan sa Kanya. Ang relasyon ni Enoch sa Diyos ay espesyal, at patuloy lang siyang naglalakad kasama ang Diyos hanggang sa siya'y kunin ng Diyos. Kapag sobrang abala tayo, madali nang isantabi ang ating oras para sa araw-araw na pagbabasa ng Bibliya at panalangin.

Ano ang ilang praktikal na paraan upang bigyang-prioridad ang ating oras kasama ang Diyos?

.....

.....

.....

**SO WHAT**

- Sa palagay mo bakit kinuha ng Diyos si Enoc? Anong uri ng relasyon mayroon ang Diyos kay Enoc?
- Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng lumakad na kasama ang Diyos? Bakit ang iyong paglakad na kasama ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya?
- Ano ang ilan sa mga pakinabang at pagpapala ng paglakad na kasama ng Diyos at pagsunod sa Kanya?

**NOW WHAT**

- Namumuhay ka bang may pagsunod sa Diyos at sa Kanyang Salita? May kailangan pa ba kayong isuko sa Kanya ngayon?
- Lumalago ba ang relasyon mo sa Diyos araw-araw? Paano mo uunahin ang iyong paglakad kasama ang Diyos at mas makilala Siya sa linggong ito
- Mas kilala mo ba ang Diyos ngayon kaysa dati? Ano sa palagay mo ang dapat mong gawin kapag naging pangkaraniwan o hamon sa iyo ang relasyon sa Kanya?

- 
- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita, sa mga halimbawa ng pananampalataya, tulad ni Enoc. Ipanalangin mo na mamuhay ka rin sa pananampalataya at pasayahin Siya sa iyong buhay.
  - Ipanalangin na sumunod ka at patuloy na lumakad nang naaayon sa Diyos. Pasalamatan ang Diyos sa pribilehiyong lumakad na kasama Niya, makilala Siya, at mahalini Niya. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng panibago at maalab na damdamin para sa Kanyang salita.
  - Ipanalangin mo ang mga kakilala mo na hindi pa nakakakilala sa Panginoon. Maniwala na balang araw ay makikilala nila si Jesus at lalakad na kasama din Niya.

# Ang Pananampalataya ni Noe

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

- Kapag binigyan ka ng mga tagubilin, karaniwan mo bang sinusunod ito hanggang sa huling detalye, o mas gusto mong gumawa ng sarili mo habang naglalakad ka? Bakit?
- Nakasakay ka na ba sa bangka o barko? Ano ang pinakamahabang oras na nasa bangka ka? Saan ka pumunta?
- Ikaw ba, o may kilala ka, na maranasan na mapabilang sa isang sitwasyonggipit para sa pagsagip? Ano ang nangyari?

*Dahil sa pananampalataya, pinakinggan ni Noe ang babala ng Diyos tungkol sa mga bagay na mangyayari ngunit hindi pa niya nakikita. Gumawa siya ng isang malaking barko upang siya at ang kanyang pamilya ay maligtas. Sa pamamagitan nito'y nahatulan ang sanlibutan, ngunit si Noe ay ibinilang na matuwid dahil sa kanyang pananampalataya sa Diyos.*

HEBREO 11:7

## WHAT

Nagtayo si Noe ng arko bilang pagsunod sa Diyos. Siya ay isang matuwid na tao na lumakad kasama ng Diyos (Genesis 6:9), at pinuri ng Bibliya si Noe para sa kanyang pananampalataya. Sa araling ito, titingnan natin ang tatlong katangian ng pananampalataya ni Noe at kung ano ang maaari nating matutunan mula sa kanyang buhay.

### 1 Ang pananampalataya ay nakakakita.

*1Ngayon, ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan natin at katiyakan sa mga bagay na hindi natin nakikita. 7Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang babalaan si Noe tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, sa banal na takot ay nagtayo siya ng arko upang iligtas ang kanyang pamilya.* HEBREO 11:1,7

Hindi kailanman nakakita si Noah ng ulan, baha, o arko, ngunit naniwala at nagtitiwala siya sa Diyos. Ipinagkatiwala niya ang kanyang pananampalataya sa Diyos at wala nang iba.

*Ano ang pananampalataya? Bakit kailangan ng pananampalataya upang makita ang mga bagay na ipinapahayag ng Diyos? sa atin?*

### 2 Ang pananampalataya ay nagtatayo.

*1Kaya't sinabi ng Diyos kay Noe, "Aking wawakasan ang lahat ng tao, sapagkat ang lupa ay puno ng karahasan dahil sa kanila." Siguradong wawasakin ko silang dalawa pati na ang mundo. 14Kaya't gumawa ka ng isang barko mula sa kahoy ng cipres..." 22Ginawa ni Noe ang lahat ayon sa utos ng Diyos.* GENESIS 6:13,14,22 (TIGNAN SANTIAGO 2:17.)

Sinunod ni Noe ang Diyos at sinunod ang Kanyang mga utos hanggang sa pinakahuling detalye. Sinasabi sa Hebreo 11:7 na itinayo niya ang arko sa banal na takot sa Diyos. Hindi siya gumawa sa kanyang sarili, hindi naging malikhain, o nagpasok ng sarili niyang opinyon. Sinasabi ng mga iskolar na inabot ng 120 taon si Noah para itayo ang arko, na anim na palapag ang taas at kasing haba ng isang at kalahating football field.

*Tulad ni Noe, bakit dapat ang ating pananampalataya (kung ano ang ating pinaniniwalaan) ay isalin sa ating gawa (kung ano ang ating ginagawa)? Bakit sa tingin mo hindi sumuko si Noah kahit na ito'y mahirap?*

.....

.....

.....

.....

.....

### **3** Ang pananampalataya ay nagliligtas.

*Dahil sa pananampalataya, pinakinggan ni Noe ang babala ng Diyos tungkol sa mga bagay na mangyayari ngunit hindi pa niya nakikita. Gumawa siya ng isang malaking barko upang siya at ang kanyang pamilya ay maligtas. Sa pamamagitan nito'y nahatulan ang sanlibutan, ngunit si Noe ay ibinilang na matuwid dahil sa kanyang pananampalataya sa Diyos. HEBREO 11:7*

Ang pagsunod ni Noe ay nagliligtas sa kanyang pamilya mula sa baha. Sa pamamagitan ng kanyang buhay at pananampalataya, kinondena niya ang mundo. Bakit dapat maging halimbawa sa ating pamilya ang ating pananampalataya sa Diyos?

*Paano nakakaapekto ang iyong pamumuhay at pananampalataya sa iba?*

.....

.....

## SO WHAT

- Sa palagay mo bakit sumunod si Noe sa Diyos sa gitna ng mahirap na sitwasyon? Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng magkaroon ng "banal na takot" (Hebreo 11:7)?
- Bakit dapat tayong magtiyaga sa pagsunod sa Diyos kahit na makatagpo tayo ng pagtutol o hindi natin nauunawaan ang layunin sa likod ng Kanyang hinihiling? Sa palagay mo, bakit mas gusto ng ilang tao na sumuko Paano tayo makakakapit sa Diyos hanggang wakas?
- Anong aspeto sa buhay at pananampalataya ni Noe qng lubos mong hinahangaan ? Bakit ?

## NOW WHAT

- Ano ang angkla ng iyong pananampalataya ? Tanging kay Kristo mo ba inilagay ang iyong pananampalataya ? Kung hindi, gusto mo bang gawin ito ngayon?
- May bahagi ba ng buhay mo na hindi pa sumusunod sa Salita ng Diyos ? Paano makikita ang pananampalataya mo sa Diyos sa iyong mga kilos simula ngayong linggo?
- Magandang halimbawa ka ba sa iyong pamilya at mga kaibigan? Hinihikayat ba sila ng iyong pamumuhay na hanapin ang Diyos na katulad mo? Paano ka magiging mas mabuting kinatawan ni Jesus sa kanila sa linggong ito?

- 
- Humingi ng pananampalataya sa Diyos tulad ng kay Noe, upang kapag kinakausap ka ng Diyos, maririnig mo, susunod, magtitiyaga, at tutulong iligtas ang iba.
  - Ipanalangin na ang iyong relasyon sa Diyos ay hindi batay sa mga sitwasyon o nadarama. Hilingin sa Diyos na patuloy na paunlarin ang iyong pagtitiyaga at pagtitiis.
  - Ipanalangin na ang pananampalataya mo sa Diyos ay maging pagpapala at halimbawa sa iyong pamilya, lalo na sa mga taong hindi pa naglilingkod sa Diyos. Maniwala sa Diyos na ang iyong pananampalataya at halimbawa ay magpapalapit sa kanila sa Kanya.

# Ang Pananampalataya ni Isaac

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

- Sabihin mo sa amin ang isa sa mga pinakamagagandang alaala mo noong pagkabata.
- Ano ang pinakabagong papuri na natanggap mo?
- Alalahanin ang isang pagkakataon nang hindi natupad ng isang tao ang pangako niya sa iyo. Paano ka tumugon?

***Dahil sa pananampalataya, iginawad ni Isaac kina Jacob at Esau ang pagpapala para sa hinaharap.***

HEBREO 11:20 (TIGNAN GENESIS 27:26-29.)

## WHAT

Sa pamamagitan ng pananampalataya, nakita ni Isaac ang hinaharap ng kanyang mga anak sa kabila ng kanyang buhay. Bagaman hindi makakita nang maayos si Isaac nang pisikal (Genesis 27:1), pinagpala niya ang kanyang mga anak sa pamamagitan ng pananampalataya ayon sa layunin ng Diyos para sa kanila. Sa araling ito, matututuhan natin ang tatlong katangian ng pananampalataya ni Isaac at makikita natin kung paano natin maiaangkop ang mga prinsipyong ito sa ating mga buhay.

### 1 Pananampalataya na ang Diyos ang nagbibigay ng mga pagpapala

*Nang gabing iyon, nagpakita sa kanya si Yahweh, at ang sabi, Ako ang Diyos ng iyong amang si Abraham, huwag kang matakot, sapagkat sasamahan kita; pagpapalain kita, at pararamihin ko ang iyong lahi alang-alang kay Abraham na tapat kong alipin.*“

GENESIS 26:1-3 at TIGNAN GENESIS 26: ng Diyos sa kanyang sariling buhay, sa kanyang pamilya, at sa kanyang lahi. Binasbasan ni Isaac si Jacob dahil naunawaan niya na ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng pagpapala.

Alalahanin ang ilan sa mga biyayang ibinigay sa iyo ng Diyos at sa iyong pamilya.

### 2 Pananampalataya na hawak ng Diyos ang iyong kinabukasan

*<sup>28</sup> Bigyan ka nawa ng Diyos, ng hamog buhat sa itaas, upang tumaba ang lupa mo't ikaw nama'y makaranas ng saganang pag-aani at katas ng ubas. <sup>29</sup> Hayaan ang mga bansa'y gumalang at paalipin; bilang pinuno, ikaw ay kilalanin. Igagalang ka ng mga kapatid mo, mga anak ng iyong ina ay yuyuko sa iyo. Sila nawang sumusumpa sa iyo ay sumpain din, ngunit ang nagpapala sa iyo ay pagpapalain.*”

GENESIS 27:28-29 (TIGNAN- JEREMIAS 29:11 )

Binasbasan ni Isaac si Jacob tungkol sa kanyang hinaharap, alam natin na ang mga plano ng Diyos ay para sa ating kabutihan. Dahil sa tipan ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Anak, si Jesu-Cristo, maaari din nating ipahayag ang mga pagpapalang ito sa ating mga buhay at para sa mga susunod na henerasyon. Ang Bibliya ay puno ng maraming pangako ng Diyos na maaari nating pagkatiwalaan ngayon..

*Ibahagi ang ilan sa mga pagpapala sa Bibliya na iyong binigkas bilang mga panalangin na puno ng pananampalataya.*

### **3** Pananampalataya na nagpapasakop sa kalooban ng Diyos

***Binasbasan ko siya—at tunay na siya’y pagpapalain!***  
GENESIS 27:33

***Ang isang tao’y maraming iniisip, maraming binabalak, ngunit ang kalooban din ni Yahweh ang siyang mananaig.*** KAWIKAAN 19:21

Binasbasan ni Isaac si Jacob na akala niya ay si Esau, ngunit sinabi na ng Diyos kina Isaac at Rebekah na magiging higit na dakila si Jacob kaysa kay Esau. (Genesis 25:23). Ang mga kalagayan at sitwasyon ay nagbabago o maaaring hindi natin makontrol, ngunit kailangan ng pananampalataya upang sumunod sa Diyos, sa Kanyang kalooban, at sa Kanyang kapangyarihan sa ating mga buhay.

*Ano ang mga bagay na hindi mo nauunawaan, pero pinipili mong magtiwala sa Diyos tungkol dito?*

## SO WHAT

- Sa palagay mo bakit pinupuri ng may-akda ng Mga Hebreo si Isaac dahil sa kanyang pananampalataya? Ano ang mga aral na matututunan mo mula sa buhay at pananampalataya ni Isaac?
- Sa palagay mo, bakit may mga Kristiyanong nabubuhay sa takot tungkol sa kanilang kinabukasan? Paano tayo tinuturuan ng bibliya , patungkol sa pananaw sa asting kinabukasan ?
- Ano sa palagay mo ang kahalagahan ng mga pagpapala sa Biblia? Bakit mahalagang pagpalain ang susunod na mga henerasyon?

## NOW WHAT

- Nagtiwala ka ba sa Diyos para sa iyong kinabukasan? May mga partikular bang bahagi sa buhay mo na kailangan mong magtiwala sa Diyos ? Paano mo Siya mas mapagkakatiwalaan sa darating na linggo?
- Nahaharap ka ba sa isang sitwasyon na hindi mo lubos na nauunawaan ngunit kailangan mong magtiwala sa Diyos Paano ka magpapasakop sa Kanyang kalooban at magtiwala sa Kanyang kapangyarihan sa sitwasyong ito?
- Nagwiwika ka ba ng pagpapala sa mga taong nakapaligid sa iyo? Mag isip ng isang tao (tulad ng iyong asawa, anak, magulang, kaibigan) na maaari mong piliing pagpalain sa linggong ito.

- 
- Pasalamatang Diyos sa Kanyang kabutihan at katapatan sa iyong buhay. Pasalamatang Siya sa Kanyang pagpapala at habag.
  - Ipanalangin mo na lumago ang pananampalataya mo sa Diyos araw araw, na lagi mong ipagkakatiwala sa Diyos ang iyong kinabukasan at magpapasakop ka sa Kanyang kalooban kahit na hindi mo naiintindihan.
  - Hilingin sa Diyos na tulungan kang magsalita ng mga pagpapala sa iba at gamitin ang iyong mga salita para hikayatin at palakasin ang mga tao.



***17 Nang subukin ng Diyos si Abraham, pananampalataya din ang nag-udyok sa kanya na ialay si Isaac bilang handog sa Diyos. Buong puso niyang inihandog ang kaisa-isa niyang anak, gayong ipinangako sa kanya ng Diyos <sup>18</sup> na kay Isaac magmumula ang magiging lahi niya. <sup>19</sup> Naniwala siya na kaya ng Diyos na bumuhay ng patay, kaya't sa patalinghagang pangungusap, naibalik nga sa kanya si Isaac mula sa mga patay. HEBREO 11:17-19***

***2 Mga kapatid, magalak kayo kapag kayo'y dumaranas ng iba't ibang uri ng pagsubok. <sup>3</sup> Dapat ninyong malaman na nagiging matatag ang inyong pananampalataya sa pamamagitan ng mga pagsubok. SANTIAGO 1:2,3***

## WHAT

Ang mga pagsusulit ay isang hindi komportable ngunit hindi maiiwasang bahagi ng buhay. Itinuturo ng Bibliya na kahit ang ating pananampalataya ay susubukin. Pinuri ng may-akda ng Hebreo si Abraham para sa kanyang tugon sa pagsubok ng Diyos sa kanyang pananampalataya. (Genesis 22). Sa araling ito, titingnan natin ang buhay ni Abraham at matututunan kung paano natin, tulad ni Abraham, mapapasa ang mga pagsubok ng pananampalataya na dumarating sa atin.

### 1 Magtiwala sa mga pangako ng Diyos.

***17 Nang subukin ng Diyos si Abraham, pananampalataya din ang nag-udyok sa kanya na ialay si Isaac bilang handog sa Diyos. Buong puso niyang inihandog ang kaisa-isa niyang anak, gayong ipinangako sa kanya ng Diyos <sup>18</sup> na kay Isaac magmumula ang magiging lahi niya. HEBREO 11:17,18*** Ipinangako ng Diyos kay Abraham na bibigyan siya ng anak, at kahit na nang hilingin ng Diyos na isakripisyo si Isaac, hindi nag-alinlangan si Abraham sa kanyang pananampalataya at patuloy na nagtiwala sa Diyos.

*Ano ang ilan sa mga pangako sa Salita ng Diyos na pinanghahawakan mo pa rin at inaasahang matutupad sa iyong buhay?*

## 2

### Magtiwala sa katangian ng Diyos.

*7 Tinawag ni Isaac ang pansin ng ama, "Ama!" "Ano iyon, anak?" tugon ni Abraham. "Mayroon na tayong apoy at panggatong, ngunit nasaan ang tupang ihahandog?" tanong ni Isaac. 8 Sumagot si Abraham, "Anak, ang Diyos ang magbibigay niyon." Kaya't nagpatuloy sila sa paglakad. GENESIS 22:7,8*

Alam ni Abraham ang katapatan ng Diyos. Tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako kay Abraham, kaya kahit hindi niya nauunawaan kung ano ang hinihingi ng Diyos sa kanya, alam niyang patuloy na magiging tapat ang Diyos. Maaari tayong magtiwala sa Diyos dahil Siya ay isang mapagmahal, tapat, at hindi nagbabagong Diyos. Ang Kanyang kalooban para sa atin ay palaging mabuti, kasiya-siya, at ganap.

.....

.....

*Banggitin ang isang katangian na alam mong taglay ng Diyos. Paano mo naunawaan ito?*

## 3

### Magtiwala sa kapangyarihan ng Diyos.

*Naniwala siya na kaya ng Diyos na bumuhay ng patay, kaya't sa patalinghagang pangungusap, naibalik nga sa kanya si Isaac mula sa mga patay. HEBREWS 11:19*

*<sup>20</sup> Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos. Sa halip, lalo siyang lumakas dahil sa kanyang pananampalataya at nagpuri pa sa Diyos. <sup>21</sup> Lubos siyang naniwala na tutuparin ng Diyos ang ipinangako nito. ROMA 4:20,21*

Sa gitna ng tila imposibleng sitwasyon, pinagkatiwalaan ni Abraham ang Diyos at naniwala na walang imposibleng bagay para sa Kanya. Si Abraham ay pumasa sa pagsubok, pinuri para sa kanyang pananampalataya, at nakita ang pagkakaloob ng Diyos para sa kanila.

.....

.....

*Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailan himalang sinagot ng Diyos ang iyong mga panalangin. Paano kumikilos ang kapangyarihan ng Diyos?*

## SO WHAT

- Sa palagay mo bakit kilala si Abraham bilang ama ng ating pananampalataya? Aling bahagi ng buhay at pananampalataya ni Abraham ang hinahangaan mong lubos?  
Sa palagay mo, paano nabuhay sina Abraham at Sarah sa pagitan ng panahong tumanggap sila ng pangako ng Diyos para sa isang anak na lalaki at kailan ito natupad sa wakas?
- Sa palagay ninyo, ano ang nadama ni Abraham nang maghanda na siyang isakripisyo si Isaac bilang pagsunod sa Panginoon?
- Paano natin mas makikilala ang pagkatao ng Diyos? Bakit mapagkakatiwalaan ang katangian ng Diyos? Paano naiiba ang pagkatao ng Diyos sa katangian natin?

## NOW WHAT

- Lubos ba kang nagtiwala sa Diyos? May bahagi ba sa buhay mo na sinusubok ng Diyos Sa palagay ninyo, paano ninyo Siya mas mapagkakatiwalaan at malalampasan ang pagsubok?

- Naniniwala ka ba na kaya ng Diyos na tuparin ang Kanyang mga pangako sa iyong buhay? Aling pangako Niya ang pinapalamtayanan mo pa rin? Paano ka kakapit sa Diyos araw araw habang hinihintay mong matupad ang pangako.

Paano ka lalago sa iyong kaalaman at pagmamahal sa Diyos sa linggong ito?



Pasalamatang ang Diyos sa kung sino Siya, sa Kanyang pagmamahal at awa, at sa Kanyang mga pangako para sa iyo at sa iyong pamilya: .....



Ipanalangin na sa pagdaan mo sa mga panahon ng pagsubok, makapasa ka sa pagsubok at lumago ang iyong pananampalataya. Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng malaking pananampalataya tulad ni Abraham.



Ipanalangin ang mga kakilala mong dumadaan sa mga pagsubok sa kanilang pananampalataya. Ipanalangin na huwag manghina ang kanilang pananampalataya at magtiwala sila sa Diyos sa gitna ng kanilang mga pagsubok.



**1**Ang pananampalataya ay katiyakan na mangyayari ang ating mga inaasahan, at paninindigan tungkol sa mga bagay na hindi nakikita. **2**Kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong unang panahon dahil sa kanilang pananampalataya. HEBREO 11:1,2

Hall of Faith ay isang serye ng anim na materyales para sa grupong disipulo na dinisenyo upang tulungan ang mga disipulo na lumago sa pananampalataya sa Diyos at matuto mula sa pananampalataya ng mga sinaunang tao.

TOPICS INCLUDE:

- Sigurado at Tiyak
- Ang Pananampalataya ni Abel
- Paglakad na kasama ang Diyos
- Ang pananampalataya ni Noe
- Ang Pananampalataya ni Isaac
- Pagpasa sa Pagsusulit



**EVERY NATION**  
P R O D U C T I O N S